



GAWING ARAW NG DAIGDIG ANG BAWAT ARAW

Sanayin ang magagandang gawi na makakalikasan para sa pinakamainam na resulta

Maligayang Araw ng Daigdig, Vallejo! Ngunit bakit nililimitahan ang pagdiriwang ng ating planeta sa isang araw lamang?

Sa tuwing maglalagay ka ng mga tira-tirang pagkain, mga pinagtabasan sa bakuran, o kahit na ang mamantikang kahon ng pizza sa iyong berdeng cart, gumagawa ka ng positibong hakbang tungo sa isang mas malusog na komunidad. Iyan ang kapangyarihan ng SB 1383, ang mandato ng California na bawasan ang basura, ilihis ang mga materyales mula sa mga landfill, at bawasan ang mga greenhouse gas.

Pagkatapos na serbisyuhan ng Recology ang iyong berdeng cart, mapupunta ang mga laman nito sa aming pasilidad sa pagproseso, kung saan ginagawang pataba ang mga buto ng manok, giniling na kape, at mga napkin. Ang patabang lupa na mayaman sa sustansya ay ginagamit sa mga bukirin at hardin, na kumukumpleto sa siklo na sumusuporta sa ating mga sistema ng pagkain.

Ang wastong pag-uuri ay mahalaga. Kapag inilalagay ang mga hindi nabubulok na bagay sa iyong berdeng cart, kinokontamina ng mga ito ang buong batch. At kapag napupunta ang mga organikong bagay sa mga landfill, nabubulok ang mga ito nang walang oxygen, na naglalabas ng methane — isang malakas na greenhouse gas. Sa katunayan, binubuo ng mga itinatapon na pagkain at halaman sa mga landfill ang 20% ng kabuuang emisyon na methane sa California.

BUMUO NG MABUBUTING GAWI

- Ilagay ang mga tira-tirang pagkain, papel na may dumi ng pagkain, mga pinagtabasan sa bakuran, mga patpat, at mga dahon sa iyong berdeng cart para sa pagkolekta ng pataba sa tabi ng kalsada.
- Gumamit ng lalagyan sa countertop para makolekta ang mga tira-tirang pagkain at madala ang mga ito sa iyong cart sa tabi ng kalsada
- Huwag maglagay ng mga plastik, salamin, at iba pang mga nareresiklo sa loob ng cart ng pataba.

LIBRENG PATABA

Maaaring kumuha ang mga residente ng Vallejo ng libreng nagawa nang pataba sa 2021 Broadway, Huwebes – Sabado, 8 AM – 3:30 PM habang may suplay pa. Mag-uwi ng hanggang 2 bag para mapagyaman ang iyong hardin.

Malaki ang epekto ng maliliit na gawi. Gawing araw-araw ang Araw ng Daigdig — naghihintay ang iyong berdeng cart.



Recology		STATEMENT						
Billing Date	Invoice Number	Account Number	Balance Due					
1/20/26	854	8104	\$535.82					
Service Address		Pay By Date						
		2/18/26						
Pay Your Bill Visit recology.com/bill-pay to pay your bill, set up automatic payments, and more. You can also call 628.280.6525 to make a payment using our secure automated phone system.								
Questions? Learn more about your new portal at recology.com/cap-faq or call us at 707.552.3110.								
Previous Balance	+	Payments	+	Current Charges	+	Adjustments	=	Balance Due
\$384.14		\$0.00		\$151.68		\$0.00		\$535.82
Billing Period	Qty	Description	Collection Frequency	Rate	Amount			
Previous Balance								
384.14								
Current Charges								
1/1/26 - 3/31/26	1	32 Gal Mixed General Waste Service Charge - Rental	Weekly	50.56	151.68			
Total Current Charges					151.68			
SUBTOTAL					151.68			

PAG-UNAWA SA IYONG SINGIL

Isang mabilis na gabay

I-decode natin ang iyong pahayag sa Recology upang mabasa mo ito nang may kumpiyansa. Makakakuha ka ng snapshot ng katayuan ng iyong account:

- **NAKARAANG BALANSE.** Buod ng mga invoice na lampas na sa takdang petsa.
- **MGA KASALUKUYANG SINGIL.** Lahat ng mga bagong bayarin na natamo sa partikular na panahon ng pagsingil na ito.
- **KABUANG BALANSENG DAPAT BAYARAN.** Ito ang halagang dapat mong bayaran. Kinakalkula ito sa pamamagitan ng pagdaragdag ng iyong nakaraang balanse at kasalukuyang mga singil, pagkatapos ay ibawas ang anumang mga pagbabayad na nagawa mo na at ilapat ang anumang mga pagsasaayos sa kredito. Kung babayaran mo nang buo ang iyong kasalukuyang invoice bago ang ika-15 ng buwan kasunod ng iyong singil, maaari kang maging kwalipikado para sa isang diskwento, na lilitaw bilang isang kredito sa susunod na statement. Maaari mong:
 - **MAGBAYAD SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO SA 628.280.6525.** Pakitandaan: Hindi na pinoproseso ng mga kinatawan ng Serbisyo sa Kostumer ang mga pagbabayad sa telepono, ngunit available 24/7 ang awtomatikong sistema.
 - **MAG-LOG IN** sa aming ligtas na Portal ng Kostumer sa recology-portal.amcsplatform.com/login.
 - **BISITAHIN ANG AMING OPISINA**, 2021 Broadway, para magbayad sa counter.
 - **MAGPADALA NG TSEKE** sa aming address sa koreo: 2021 Broadway, Vallejo, CA 94589.
 - **MAGTAKDA NG PAGBABAYAD** sa pamamagitan ng online na platform ng iyong bangko.

May mga tanong pa ba? Tawagan kami sa **707.552.3110**.

PARATING NA ANG MGA BAGONG KUPON PARA SA PAGKUHA NG BASURA!

Abangan ang iyong 2026 na Kupon para sa Pagkuha ng Basura, na ipapadala sa mga darating na linggo. Ipapadala ang mga kupon sa address ng mga serbisyo ng Recology.



Magbabago na ang paraan ng pag-redeem mo ng iyong kupon. Sundin ang mga tagubilin sa kupon sa pag-iskedyul ng paghatid sa Devlin Road Transfer Station.

Samantala, maaari mong samantalain ang libreng Pagkuha ng Malaking Item. Makakakuha ang mga residente ng Vallejo ng apat kada taon. Maaari kang mag-iskedyul ng pagkuha sa pamamagitan ng pagtawag sa Recology sa **707.552.3110** o pag-email ng listahan ng mga kokolektahin sa **vallejocustomerservice@recology.com**.

Ang mga pagkolekta ay magagawa lamang sa araw ng iyong serbisyo. Iwan lamang ang mga naaprubahang item sa gilid ng kalsada o maaaring hindi namin makumpleto ang pagkuha para sa iyo. Hindi tinatanggap ang mga mapanganib na materyales at mga pinagtabasan sa bakuran.

PAGSARA NG TAKIP SA KONTAMINASYON

Upang mabawasan ang kontaminasyon sa mga cart ng ireresiklo at organikong bagay at mapanatiling mahusay ang paggana ng mga programa sa gilid ng kalsada, hinihiling ng batas ng estado sa mga lokal na tagapagbigay ng serbisyo na siyasin ang mga lalagyan.



Upang matiyak ang pagsunod, nagsasagawa ang Recology ng mga pagsusuri sa ruta, na kilala rin bilang "lid flips." Paminsan-minsan ay sinusuri ng mga empleyado ang mga basurang residensyal at komersyal, mga lalagyan ng nareresiklo, at mga organikong upang masuri ang pag-uuri.

Ang mga pag-inspeksyong ito ay nagsisilbi para sa layuning pang-edukasyon. Kinikilala ng datos mula sa mga lid flip ang mga karaniwang pagkakamali sa pag-uuri, na nagbibigay-daan sa naka-target na pag-abot upang matulungan ang komunidad na matuto sa tamang paghihiwalay ng basura.

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN!

Se Habla Español
Nagsasalita kami ng Tagalog

Recology Vallejo American Canyon
2021 Broadway Street
Vallejo, CA 94589

707.552.3110 *Lunes hanggang Biyernes, 8 AM – 5 PM*
recology.com/vallejo
facebook.com/recologyvallejoamericancanyon